REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 99-089**

**KAPASIYAHAN NA KUMIKILALA AT NAGPAPATIBAY SA KATAYUAN NG BAGONG SAMAHAN-TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION, INC. (BS-TODAI) BILANG OPISYAL NA TODA SA SONANG ALABANG-CUPANG-BULI.**

* * * * * * * * * * * * *

*Ipinanukala ni*: **KON. LUCIO B. CONSTANTINO**

* * * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT,** ang **Bagong Samahan-Tricycle Operators and Drivers Association. Inc. (BS-TODAI),** isang samahan na binuo ng mga magta-traysikel na naninirahan sa Barangay Alabang, Cupang at Buli ay may basbas ng legalidad na pinatunayan ng kanilang rehistrasyon sa ***Securities and Exchange Commission;***

**SAPAGKAT,** taglay ng **BS-TODAI** ang isang programa sa pagtanggap ng mga kasapi na naglalayong pigilin ang paglaganap ng sistema ng pangungulorum sa pamamagitan ng pagtanggap lamang sa mga may permiso sa ***Tricycle Regulatory Unit*** **(TRU)** at huwag payagang pumasada ang mga kasaping paso na ang permiso;

**SAPAGKAT,** naisumite ng **BS-TODAI** ang mga dokumentong hiniling ng Komite ng Transportasyon bilang patunay na nakahanda sila sa isang pangmatagalan at maayos na pag-aalay ng transportasyong traysikel sa mga naninirahan at dumadaan sa ruta/sonang Alabang-Cupang-Buli sa lahat ng oras;

**SAPAGKAT,** ***walang ibang samahan ng mga magtatraysike***l ang naghahangad na kilalaning opisyal na **TODA** sa nabanggit na sona;

**NGAYON, DAHIL DITO,** at ayon sa kapangyarihang ipinagkaloob ng **"ORDINANSA NG MGA TRAYSIKEL SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA, TAONG 1996, PINAGPASIYAHAN** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** sa kanilang ika-**36** na ***Regular na Sesyon*** na idinaos sa People's Center ngayong ***28 Abril 1999,*** na kilalanin, pagtibayin at patunayan na kagaya ng ngayon ay **KINIKILALA, PINAGTITIBAY AT PINATUTUNAYAN** ang katayuan ng **BAGONG SAMAHAN-TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS, ASSOCIATION, INC. (BS-TODAI)** bilang ***opisyal na TODA*** sa sonang Alabang-Cupang-Buli at tanging may karapatan sa **APATNARAAN AT LIMAMPUNG (450)** awtorisadong yunit nito.

**PINAGPASIYAHAN PA,** na lahat ng ahensiya ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa na dapat makakaalam sa Kapasiyahang ito ay padadalhan ng sipi ng Kapasiyahan para sa kanilang kaalaman at patnubay.

**SINANG-AYUNAN:**

***Mggl.* RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

*Pahina 2*
*Kapasiyahang Panlungsod Blg. 99-089*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**Dr. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, *Jr.***
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, Jr.**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**LIBAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

***Mggl.* JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

*Pahina 3*
***Kapasiyahang Panlungsod Blg. 99-089***

**PINATUNAYAN:**

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Punong Panghapagang Mayorya/Tumayong Tagapangulo*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa:________

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196